Northern & southern Ilocos Region towns successfully taken over by the Ilocano rebels

- (IN1) Piddig (Start of revolt, September 16)
- (IN1) Dingras (Present-day Dingras & Marcos)
- (IN2) Sarrat
- (IN3) San Nicolas
- (IN4) Laoag
- (IN5) Paoay (Present-day Paoay & Currimao)
- (IN6) Batac
- (IN7) Badoc (Present-day Badoc & Pinili)
- (IN8) Sinait
- (IN9) Cabugao
- (IN10) San Juan (Lapog)
- (IN11) Magsingal

Towns in southern Ilocos Region where Filipinos were conscripted to form the capital's militia

- (IS1) Candon (Present-day Candon City, Banayoyo, Galimuyod & San Emilio)
- (IS2) Santiago (Present-day Santiago, Burgos, San Esteban & Lidlida)
- (IS3) Sta. Maria
- (IS4) Narvacan
- (IS5) Santa
- (IS6) Sta. Catalina
- (IS7) Bantay
- (IS8) San Vicente
- () Bantaoay River, San Ildefonso—Final battle, September 28 (Present-day San Ildefonso & Santo Domingo)
- () Vigan (Site of execution) (Present-day Vigan City & Caoayan)

NATIONAL MUSEUM OF THE PHILIPPINES
PAMBANSANG MUSEO NG PILIPINAS

Figure 1-1. Location map of the Ilocos Region, or Nueva Segovia, and the municipalities of Ilocos Norte and Ilocos Sur involved in the *Basi* Revolt of 1807. Map not in scale. Base map courtesy of Aira 2008 | Wikimedia Commons.

became more intent as they went further south; the parish priest of Magsingal, for instance, sent spies and developed a swift means of communicating the rebels' progress to Vigan.⁹

With the news of the rebels' successes in taking over the northern towns, Provincial Governor Juan Ibañes and *Alcalde Mayor* Francisco Bringas ordered the friars and local officials of the towns south of Vigan to organize a local militia; this included Ilocanos from Bantay, Santa, Narvacan, Sta. Maria, Santiago and Candon. They marched north to meet the rebels, and on September 28, a battle ensued by the Bantaoay River in San Ildefonso, "transforming its waters into a sea of red."¹⁰ It ended with a decisive victory for the colonial forces. The rebels who survived were brought to Vigan, where the leaders were executed in public, and the rest imprisoned and offered exile to Mindoro.¹¹

Two more unrests instigated at the northern towns were recorded after the *Basi Revolt*. The *Lung-ao* Revolt in 1811 was a religious uprising led by Paras Lampitoc of Laoag, who fashioned himself as the chief apostle of *Lung-ao*, or Redeemer, vowing deliverance from tributes and monopolies, among other Spanish-imposed difficulties.¹² The Sarrat Uprising in 1816 was a class-based rebellion led by Andres Bugarin, a common citizen, against the local elite and officials.¹³ These two uprisings, along with the Tobacco Monopoly Uprising and the *Basi Revolt*, helped facilitate the split of the region into Ilocos Norte and Ilocos Sur in 1818, in order for the colonial government to gain better control of the region.

The fourteen canvas paintings of the key episodes of the *Basi Revolt* are the earliest known works depicting a historical event in the Philippines. The series has been attributed to Vigan mestizo Esteban Villanueva y Pichay (1797-1878), who produced these fourteen years after the fact. Philippine art, at this time, had only recently started working with non-religious subjects, mostly life portraits, *tipos del país* and botanical pictures, after having obtained the approval of the Spanish authorities in 1734.¹⁴ The first official art academy in colonial Philippines, the Academia de Dibujo y Pintura, also just opened in Manila in the early 19th century, where Villanueva's contemporary, Damian Domingo (1796-1834), served as its pioneering professor.¹⁵ Villanueva, who had not undergone any formal training in painting, has been regarded as "a cogent counterpoint" to Domingo and their other Manila contemporaries, who had trained or apprenticed with the older generation of Filipino artists.¹⁶

The Basi Revolt paintings are completely unique in the history of Philippine art, and are especially valuable for documenting the life and times of the past.¹⁷ A further significant detail is the prominent presence of the comet known as the "Great Comet of 1807." Comets, which Tagalogs have called Bathala and Ilocanos refer to as *bandus*, are considered in Ilocos and among the Chinese to foreshadow war, hunger, diseases, death, and the like.¹⁸

The fourteen paintings of *The Basi Revolt* were declared by the National Museum of the Philippines as National Cultural Treasures in 2009, recognizing their exceptional and outstanding significance to the Nation, particularly in Philippine art and history.

CONTAINING THE CULTURAL WORLD OF BASI: DEFINING ILOCOS AND THE ILOCANO

Situated in the northwestern area of Luzon Island in the Philippines is the region of Ilocos (figure 1-1). Prior to the Spanish colonial period, it consisted of the lowland areas of the present day Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union and Pangasinan, as well as some of the flatland areas along the foothills of Cordillera straddling Abra and Pangasinan.¹⁹ Most of its inhabitants during that period resided near small river tributaries which they refer to as *looc* in the local language; hence the residents were called *Ilocos* which means "people from the *looc*, or coastal or riverine lowland."²⁰ The Spaniards, however, may have erroneously applied the term to refer to the entire region. With the passage of time, its geopolitical configuration gradually changed towards the current provincial divisions. The inhabitants are commonly known as Ilocano, which also refers to their local language.

Through steady out-migration, the dispersal of the Ilocano populations, eastward into the highlands and the Cagayan region and southward to Central Luzon, has confounded the

term "Ilocano" that it no longer simply refers to the inhabitants of the Ilocos region. Instead, it now extends to people speaking the language outside of Ilocos. The term "Ilocano" thus shows the complexity of its territorial and linguistic boundaries, as well as the construction and maintenance of the Ilocano social identity within the context of diaspora. While such complexities are emphasized and explored in the exhibition and this paper, both focus only on the Ilocano culture as observed in the core provinces of the region.

Ilocos, with its relatively narrow strip of lowland bordered by the Cordillera Mountain Range in the east and the West Philippine Sea (figure 1-1), provides limited natural resources, particularly lacking suitable agricultural lands needed to sustain a constantly increasing population. Climatic conditions further constrain large-scale agricultural production in this region. Due to these rather harsh environmental conditions, Ilocano culture emphasizes industry, resourcefulness, resilience, and frugality in their daily lives, allowing them to adapt to the unpredictable availability of and access to critical resources.

Exploring Ilocano culture through *basi* consumption

Across cultures, humans create and enjoy fermented alcoholic beverages that are often consumed as part of social activities, providing opportunities for constructing, manipulating, and reifying their social worlds.²¹ These varied social activities occur along equally varied consumption practices that are informative about the culture in general as they encompass various social, economic, political, ritual and ideological contexts.

In the Ilocano culture, *basi* serves a variety of roles. It acts as a social lubricant, providing opportunities for creating and affirming social ties through communal consumption. An essential element of feasting, drinking *basi* is often associated with celebration or marking significant life stages such as festivities during births and weddings and somber occasions involving illnesses and death. It also plays a crucial role in rituals, connecting the Ilocano with the ancestral spirits as well as with supernatural elements, as they seek assistance and favor for concerns involving health, subsistence, and other issues relating to their survival and well-being. For instance, a sickly child would be bathed or rebaptized in warm water with *basi* and coins while burning a bundle of rice straws; he or she will be given a new name, and the godmother will offer the coins to the church to complete the ritual.²²

One other such traditional ritual involves the practice of *atang*, an offering made to ancestral spirits during feasting events and the agricultural season. The *atang* typically consists of a small amount of *basi* and local food from the feast, set and served to the spirits. *Atang* with *basi* is also placed on roads where accidents are frequent, or where one just happened, in order to appease the spirits that may have caused these. Another ritual context for *basi* is its use in sprinkling the death bed and belongings of the deceased, and washing the arms and face of those who participated in funeral ceremonies to prevent any misfortune associated with death.²³ Moreover, *basi* is considered as an *anib* or talisman that, through sprinkling, could drive away spirits causing diseases.²⁴ Alcoholic beverages like *basi* has a "heightened valuation in ritual contexts" because of their psychotropic properties.²⁵ These induce altered states of consciousness coupled with intensified states of emotions which are important features of spiritual communications and experiences.²⁶

Apart from the occasional, extraordinary feasting and ritual contexts, drinking *basi* is also commonly associated with casual, everyday social drinking that usually marks the transition from work to relaxation and rest. The psychoactive effects of *basi* commonly ease tension and fatigue, albeit temporarily, from daily work. Over the last few decades, however, *basi* consumption has been decreasing with the abundance of alternative forms of alcoholic beverages from other regions within and outside the Philippines. Yet the thriving heritage tourism industry of Ilocos²⁷ has opened a new form of consumption contexts for *basi* as heritage souvenirs, which may yet help establish *basi*'s significance in contemporary Ilocano rituals and feasting occasions.

Basi first gained national recognition in the 1950s when President Ramon Magsaysay initiated its use as the official drink to welcome visiting foreign dignitaries.²⁸



Figure 1-2. (a) Harvested sugarcane of the *amarilyo* variety mounted on an *ulnas*, ready for juice extraction. (b) Young sugarcane plants. Sarrat, Ilocos Norte | 2014. NMP Ethnology/MP Tauro.



Figure 1-3. (a) Extracting *bennal* from the traditional *dadapilan*. 1980. Photographed by Dik Trofeo. Courtesy of the Filipinas Foundation, Inc. (b) One type of a metal *dadapilan*. (c) Extracting *bennal* from sugarcane in a tractor-powered *dadapilan*. Sarrat, Ilocos Norte | 2014. NMP Ethnology/MP Tauro.

Basi production

Fermented drinks prepared from sugarcane juice, mixed with different plant extracts, are widespread in the Philippines. In northern Luzon, it is known as *basi* among the Ilocano, Itneg and Bontok; also *basi* or *wayas/beyas* among the Kalinga; *tayug* among the Gaddang of Isabela; *bassi* in Cagayan; *kila* in Pangasinan; and *palek* among the Ivatan of Batanes. It has also been noted that the Bugkalot (Ilongot) of the northeastern Luzon highlands were very fond of an intoxicating liquor, a rum made from distilled sugarcane juice, which the Nueva Vizcaya Bugkalot call *eyab*.²⁹

The primary ingredient in the production of *basi* and *suka* is sugarcane (*Saccharum officinarum*) and Ilocanos prefer the yellow variety of *unas* or sugarcane which they call *amarilyo* (figure 1-2). *Unas* harvesting is done during the months of December to May, for *basi* or *suka* production starts in December and ends in February; those reserved for the production of molasses or *tagapulot* are harvested during the months of March, April and May. Greater volume of juice is extracted from sugarcane harvested from December to February compared to those harvested from March to May. However, sugar concentration of those harvested in the summer season (March to May) is higher than those collected during the cold months (December to February). Preferably, crops are harvested after twelve months to ensure high quality wine, vinegar and sugar.

Sugarcane is then transported through an *ulnas*, a carabao- or cattle-drawn sled, to the area called *pagdapilan* where the *dadapilan* (sugarcane mill) used for juice extraction is located. *Panagdapil* refers to the process of extracting juice from the stalk through the *dadapilan* (figures 1-3a and 1-3c). Traditional *dadapilan* (BR-07)³⁰ are made of solid, vertical wooden cylinders, while the ones used nowadays are made of metal. Most metal *dadapilan* (figures 1-3b and 1-3c) were bought from Hacienda Luisita in Tarlac when they auctioned old pressers to upgrade their equipment in the 1980s; some were brought from sugar plantations in Hawaii before the outbreak of the Second World War.³¹ These are more efficient compared to wooden pressers; one feeding in the metal presser can extract all the juice from the stalk, while the wooden presser has to be fed thrice to get the same amount. Moreover, ten vats of juice can be extracted from the metal presser compared to only three vats extracted using the wooden *dadapilan*.

A *dadapilan* is usually family-owned but for communal use. These are drawn by carabao, cow, or crude oil-powered *kuliglig* (tractor). Carabao- or cattle-drawn extraction is usually scheduled at dawn until 8 in the morning to avoid the usual high temperatures that weaken the animal. A tractor is utilized from 9 in the morning to 3 in the afternoon. The animals are slower but are preferred since tractors require fuel, which entails additional expenses.

Bennal, or the extracted juice, is strained and boiled in a huge vat called *sinublan*. These may contain 25 to 75 gallons of *bennal*, placed over a dugout hearth near the *dadapilan* (figure 1-4).




Figure 1-4. Boiling the *bennal* in the *sinublan*. (a) 1913. Courtesy of the Filipinas Foundation, Inc. (b) Sarrat, Ilocos Norte | 2014. NMP Ethnology/MP Tauro.

The boiled juice is cooled before being transferred to a stoneware jar called *burnay*, where different ingredients are mixed into it, for fermentation. In Ilocos Sur, these include dried and crushed leaves, flowers, fruits and bark of *samak* (*Macaranga tanarius*); dried and pounded *kariskis* (ipil-ipil, *Leucaena leucocephala*) bark; *lumboy* (duhat in Tagalog, java plum, *Syzygium cumini*) bark; *bayabas* (bayabas or guava, *Psidium guajava* L.) bark and leaves; branches and leaves of *kardis* (pigeon pea, *Cajanus cajan*); *pan-aw* (cogon grass, *Imperata cylindrica*); and *bubod* (locally-prepared yeast).³² Some of these are mixed in while the juice is boiling, while *samak* and *kariskis* are usually mixed in the cooked juice immediately or days after it has been transferred to the stoneware jar. The quantity of these ingredients depends on three factors—quality of the ingredients themselves, sweetness of the juice, and the desired strength of *basi*.³³

There are slight variations on this process, as well as on some of the ingredients used, in other areas of the Ilocos region where *basi* is made. In the 1970s, the Japan International Cooperation Agency (JICA) funded a study on the characteristics of the different types of *basi* produced throughout the region, which was conducted by the Institute (then Department) of Food Science and Technology, College of Agriculture of the University of the Philippines in Los Baños (UPLB), and the Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA).³⁴ *Basi* producers in San Mateo, Laoag City in Ilocos Norte add rice grains, dried *samak* bark and fruits, and *samak* leaves to the boiled sugarcane juice.³⁵ *Samak* bark and leaves are added to the boiling juice in Piddig, also in Ilocos Norte; after it has cooled, *samak* fruits and leaves, rice grains and *kardis* are mixed in.³⁶ Only dried *samak* bark and fruits are added to the boiled sugarcane juice by *basi* producers of Pangasinan.³⁷ *Basi* producers in La Union, particularly in Naguilian, do not use *samak*; instead they use *bubod* or *binubudan*, a starter culture made of pounded rice and ginger added to cooked rice, and *tangal* (yellow mangrove, *Ceriops tagal*) bark, as well as *lumboy* bark and green *bayabas* leaves.³⁸

In recognizing the central role of *unas* and *burnay* in the *Basi* Revolt of 1807, the official seal of Piddig in Ilocos Norte includes bundles of sugarcane and clay pottery.³⁹ Other areas in the region producing *basi* include Sarrat, Piddig, Paoay and Laoag City in Ilocos Norte; Sinait, Magsingal, Sto. Domingo, San Ildefonso, Sta. Maria, Tagudin and Alilem in Ilocos Sur; and Naguilian in La Union.

RECONSTRUCTING ILOCANO IDENTITY: BASI TRADE AND ITS SOCIAL NETWORKS

Ethnohistorical sources suggest that by the time that the Spanish arrived in the Philippines, Ilocos was supporting numerous communities with extensive trade relations within and outside the region, facilitated by a high degree of economic specialization.⁴⁰ The centrality of trade in the region is tied to the ecological diversity and geographic fragmentation typical in the Philippines and Southeast Asia, linking the ethnically and linguistically distinct groups that occupy these diverse ecological niches.⁴¹

In the 15th century, a thriving trading network developed between the Ilocano and the different highland Igorot groups of the Cordillera,⁴² particularly the Itneg. The Ilocano-Igorot trade flourished through the Spanish colonial period as they developed complementary economies reflecting the distinct resources in their respective regions.⁴³ Ilocos, a lowland region with its narrow strips of flatlands along the coastlines and interior river basins, specialized in the production of rice, cotton, tobacco, sugarcane, and other agricultural products, which were supplied for both the lowlands and the highlands. Ilocos also fostered local craft industries producing woven blankets and clothes from cotton called *abel*, *basi*, *burnay*, jewelry, and metal weapons and implements for regional consumption and trade. Salt, fish and other marine products were also part of the exported trade goods.⁴⁴ On the other hand, the steep forests covering the Cordillera Mountain Range provided valuable forest products such as gold, honey and beeswax, and raw materials transformed into sleeping mats, hunting bags, fishing nets, and rice-processing sieves.⁴⁵

Of particular importance to the lowland Ilocano-highland Igorot trade were the rivers descending from the highlands to the valleys and coastal plains, facilitating the movement of people and their products between Ilocos and the Cordillera region. Three rivers and their

tributaries specifically served as the main trade routes—Amburayan, Abra and Laoag rivers—that inevitably led to the confluence of lineages, beliefs and customs, yet at the same time, remarkably helped to maintain the varied ethnolinguistic cultures and identities of the groups involved.⁴⁶

Besides inland trade, the Ilocanos were also involved in a wider sphere of maritime exchange network with other regions in the Philippine archipelago and beyond, specifically China and Japan. The Ilocos region's long coastlines and coves provided suitable harbors for foreign and local ships. Southern Ilocos in particular was a regional and international trading center as early as the 16th century.⁴⁷

Cotton and items obtained from the Igorot communities, including gold and various forest products, were exchanged for pottery, jewelry including beads, and textiles brought by Chinese and Japanese merchants. These trade goods were regarded as luxury items, especially the Chinese porcelain and stoneware jars made in China and elsewhere in Southeast Asia, which hence were widely sought and distributed across Ilocos and Cordillera.⁴⁸

Stoneware jars were among the most valuable trade goods, probably due to their sturdy constitution that enables long-term storage of a variety of food and drinks as well as the production of fermented beverages and condiments. The large stoneware jars were crucial for the production of *basi* as well as *buggoong* or *bagoong*, a fish sauce that serves as an important ingredient in many Ilocano dishes. Their significant and varied uses may have encouraged the continued supply of jars as part of the maritime trade items, and later on, the settlement of Chinese potters who introduced and established the technology of large stoneware jar production in the region, specifically in Vigan, Ilocos Sur.

The production of large stoneware jars called *burnay* in Ilocano continues to be an essential part of the local industry of Vigan despite the gradual closing of *burnay* production workshops due to its decreasing sales concomitant with the availability of alternative forms of containers used for storing or producing a variety of food and drinks.⁴⁹ With the decreasing *burnay* production, alongside the decrease in the number of *burnay* potters, various Ilocano traditions associated with its manufacture and use are in peril of gradual loss. To ensure the continuity of their local traditions, the Ilocanos, however, are actively developing various strategies to emphasize and enhance their cultural practices. Recently, Mariano Marcos State University in Batac, Ilocos Norte, in partnership with the University of the Philippines College of Fine Arts, initiated a project on stoneware jar production in the province to enhance and ensure the continuity of significant local traditions such as those associated with the production and consumption of *burnay*, *buggoong* and *basi*.

CONCLUSION

Through the examination of *The Basi Revolt* paintings and the ethnographic objects associated with *basi*, the exhibition and this paper show how *basi* assumed culturally relevant roles from the past to the present. It reveals the dynamic processes that transformed *basi* from a ubiquitous drink for everyday or occasional feasting and ritual contexts to a drink that symbolizes Ilocano heritage and identity.

Basi's integral role in the construction and strengthening of Ilocano identity could be understood in the context of its political history, specifically during the Spanish colonial period. As encapsulated in the paintings, the formation and affirmation of Ilocano identity was underpinned by colonial governance and control over a wide set of their cultural practices, especially those associated with the production and consumption of *basi*. Thus, it evokes a deep connection to the past that highlights the Ilocano heritage of embracing and asserting their cultural practices and identity.

Moreover, *basi* reveals its integrative role in establishing, maintaining, and strengthening social cohesion among the Ilocano through the analysis of the ethnographic objects associated with the transformation of its various production and consumption contexts. Among the Ilocano, producing and drinking *basi* are social acts, as it is embedded in most of the activities within the

larger contexts of their agricultural, culinary and ritual practices. Making and imbibing *basi* thus allows the Ilocano to engage in social practices that not only form and strengthen local bonds, but also create a distinct collective identity through shared similar experiences and tastes. Yet, even as *basi* serves to materialize and spatialize the social and cultural world of the Ilocano, it also extends and deepens their social and economic networks with the ethnolinguistic groups in the nearby regions and beyond.

Basi therefore provides a means to explore the Ilocano heritage and identity while enhancing our understanding of the nuances of constructing, reifying, and traversing social identities and relations through its varied and shifting meanings and practices that transcend various social boundaries.



GONGOGONG

BASI
REVOLT
1807

FIELD AND TANNIC BASI

of San Ildefonso, Bicol Sur

GONGOGONG

BASI
REVOLT
1807

FULL BOILED AND TANNIC BASI

Product of San Ildefonso, Bicol Sur

VP PIANO

Naturally Fermented

Basi
Sugarcane Wine

14% Alcohol Net Vol. 350 ml.
Ingredients: Sugarcane Juice, Ipi Bark, Sanan Leaves & Fish

Manufactured by:
VP PIANO FOOD PRODUCTS
931 Gonggong, San Ildefonso, Bicol Sur
Assisted by:
Department of Science and Technology
PRODUCT OF THE PHILIPPINES

NATIONAL MUSEUM OF THE PHILIPPINES
PAMBANSANG MUSEO NG PILIPINAS

Isang pangkasaysayang pagtasa sa Aklasang Basi at pamanang Ilocano

Ang eksibisyong “Containing the Cultural World of *Basi* | *Pananglikmut iti Nainkannawidan a Lubong iti Basi*” sa Pambansang Museo ng Pilipinas sa Rehiyong Ilocos sa Lungsod ng Vigan ay nagtatanghal sa *basi* bilang tagapaglaman ng pamanang kultural at pagkakakilanlan ng mga salinlahing Ilocano. Ito ang nag-udyok sa kanila noong ika-19 siglo upang kumilos laban sa awtoridad ng Kastilang kolonyal nang patawan ito ng buwis at paghigpitang produksyon nito. Ang *basi* ay inuming alkohol na gawa mula sa binuburong katas ng tubo. Tinatangi itong inumin, tradisyunal na bahagi ng mga Ilocanong ritwal at pagdiriwang kung saan may malawak itong tungkulin mula panrelihiyon hanggang sekular, ka-anganan hanggang komunidad, panlipunan hanggang pulitikal, at nakalipas hanggang sa kasalukuyang panahon.

Itinatanghal sa eksibisyong ito ang mga kuwadro ng *Aklasang Basi* at mga kagamitang etnograpiko na may kaugnayan sa *basi* at buhay at kulturang Ilocano upang tumulong sa pag-unawa ng pamanang Ilocano. Kabilang sa mga ito ang kultural na materyal mula sa Pambansang Koleksyong Etnograpiko ng Pambansang Museo ng Pilipinas at iba pang mga ipinagkatiwala rito. Ilang paksang nauugnay sa *basi* ang sinisiyasat dito, ipinaloop sa konteksto ng pagkonsumong panlipunan at panritwal, at binibigyang-diin ang kahalagahan nito bilang daan tungo sa pagkakaaganang-loob, pagtatataag at pagpapatibay ng ugnayan sa pagitan ng mga Ilocanong komunidad at kalapit na mga pangkat.

Sinisiyasat din dito ang malalim na pag-uugat ng mga panloob at panlabas na ugnayang pangkalakalan sa rehiyon, higit ang may kinalaman sa mga komunidad ng Itneg (Tinguian) na nasa mga bulubunduking hangganan at iba pang pangkat ng mga Igorot sa kabundukan ng Kordilyera. Susuriin din kung papaano nahikayat at napadali ng magkakaibang katangiang ekolohikal ang pagpapalitan batay sa espesyalisasyon ng produksyon, gaya ng paggawa ng *basi*, *burnay* o bangang stoneware, *abel* o kayo na gawa sa hinabing bulak, tabako, at iba pa.

Ang *basi*, malalim na nakapunla sa kulturang Ilocano, ay hindi mapagkakailang naimpluwensiyan ng iba’t ibang kalagayang panlipunan, pang-ekonomiya at pulitikal sa rehiyon. Bago pa man dumating ang Kastila sa Pilipinas, naglilinang na ng bulak at tubo para sa *basi* at suka ang mga Ilocanong komunidad. Ang bulak na sistematiko at malawakan ang produksyon ay mahalaga sa laganap nilang pakikipagkalakalan sa mga Tsino, komunidad sa Gitnang Luzon, at Igorot ng Kordilyera; para naman sa sariling pagkonsumo ang tubo.¹ Gayunpaman, ang *basi* ay makabuluhang ginamit sa pagpapanatili ng ugnayan sa loob ng komunidad at sa mga ninuno na itinuturing na mga pangunahing salik sa pagtiyak at pagpanatili ng maayos na kapangasiwaan ng produksyon agrikultural.² Samakatuwid, mahalagang bahagi ito sa pakikihamok ng mga Ilocano—ang Pag-aaklas—sa pamahalaang kolonyal ng Kastila sa rehiyon, partikular sa pagpataw nila ng monopolyo sa produksyon at distribusyon ng tabako at *basi*. Bagaman naapula ang Pag-aaklas, naitatak ito sa alaala kung kaya’t inatasan ng pamahalaang Kastila si Esteban Villanueva ng Vigan na isalarawan ang mga eksena nito upang sikaping pigilin ang karagdagan pang pag-aalsa. Itinatampok ang mga kuwadrong ito sa eksibisyong, ipinapakita ang isang hindi pangkaraniwang pangyayari sa kasaysayan na kinapapalooban ng kaalaman at paniniwalang lokal na nagsilbing inspirasyon sa halip na pigilan ang paggiit ng kultura at pagkakakilanlang Ilocano.

Ang pagkakasangkot ng *basi* sa kasaysayang pulitikal ng rehiyon ay nagpapatibay ng kahalagahan nito sa araw-araw na pamumuhay ng mga Ilocano, katumbas ang pagkilala nito bilang isa sa kanilang mga sagisag. Nanunuot ito sa kanilang kolektibong alaala, pumupukaw sa kasaysayang bumuo sa kanilang lokal na pagkakakilanlan. Sagana sa simbolismo, ang *basi* ay nagbibigay-daan sa pagsiyasat ng pamanang kultural ng at pagkakakilanlang Ilocano.

PAGBABALANGKAS NG PAMANANG KULTURAL AT KAUGALIAN: MGA KUWADRO NG AKLASANG BASI

Malawakan nang naglilinang ng bulak at tubo ang mga Ilocano batay sa kanilang pangangailangan bago pa man dumating ang mga Kastila. Sa kabilang banda, ipinakilala ang tabako bilang pananim noong huling bahagi ng ika-16 siglo ng mga Kastilang kolonyal, kinalaunang ginamit upang higit na pagsamantalahan ang mga lokal sa pagpapatupad ng Monopoly ng Tabako sa ilang lugar sa bansa simula noong dekada 1760 at sa Ilocos simula noong dekada 1780.³ Tiniyak nito ang paglikom ng buwis na magagamit para sa mga pagkilos upang mapanghawakan ang pulo ng Mindanao sa katimugang Pilipinas. Sa panahon ding ito ipinatupad ang Monopolyong *Basi*, para sa karagdagan pang kita ng pamahalaan. Bandang huli, pinagbawalan ang Ilocos at Pangasinan lamang ang pinahintulutang gumawa ng *basi* para sa buong rehiyon.⁴ Kalakhan ng produksyong agrikultural ay mula sa hilagang bahagi ng rehiyon, binubuo ng kasalukuyang Ilocos Norte, sapagkat dito lamang ang bahagi ng Ilocos na malapad-lapad ang patag na lupaing mainam pagtaniman.

Naging madalas ang rebelyon sa rehiyon noong ika-18 siglo, at napuna ng mga mananalaysay na nagsimula ang mga ito sa hilagang mga bayan noong huling bahagi ng siglo.⁵ Ilan ang natutukoy na maaaring dahilan sa pagbugso nito sa hilaga. Sa isang banda, lubhang mas malalaki ang lupaing agrikultural dito na nagdulot ng pagkabalisa ng mga tao sa sapilitang pagbubuwis ng pamahalaang kolonyal.⁶ Kabilang na rin dito, matapos ang matagal na nilang pansariling produksyon at pagkonsumo nito, ang sapilitang pagpapalaki ng produksyon ng tabako at tubo upang matugunan ang itinakdang dami, at sapilitang pagpabili ng mga ito sa anyo ng mamahaling abano, sigarilyo at *basi* sa ilalim ng eksklusibong distribusyon ng pamahalaan. Isa pang naging dahilan ang kalayuan ng mga hilagang bayan mula sa Vigan, ang kapital na lungsod ng Ilocos, na naging isang balakid sa pamamahala at pagsupil ng kolonyal na pamahalaan sa mga pagkilos ng nasasakupan nito.⁷ Ang unang rebelyon na umapuyo sa hilaga ay ang Paghihimagsik sa Monopoly ng Tabako noong 1788 na pinamunuan ni Antonio "Guasing" dela Cruz ng Laoag. Hindi lamang monopolyo ang tinutulan nila rito, iginiit din ang pagtigil sa sapilitang pagpasapi ng mamamayang lokal sa mga kilos pangmilitar, at pagpapalaya sa mga ikinulong dahil sa pagtiwalag dito.

Ang kinikilala ngayon bilang Aklasang *Basi* ay umapuyo rin sa hilaga. Nagsimula ito noong ika-16 ng Setyembre, 1807 nang pumasok at sinakop ng mga Ilocano ang pamunuang kolonyal ng Sarrat, sa pamumuno nina Pedro Mateo ng Piddig at Saralogo Ambaristo, kasama ang mga nakatakas mula sa *Carcel* ng Vigan na nagtago noon sa mga bundok ng Piddig (figure 1-1). Sumama ang mga taga-Sarrat sa martsang naglalayong sakupin ang mga katabing bayan; pinamunuan ni Mateo ang pangkat na nagtungo ng Dingras, San Nicolas, Batac at Paoay, habang si Ambaristo naman ay sumulong papuntang Vigan.⁸ Dahil ipinarating ng mga pari at opisyal ang kanilang paggalaw sa Vigan, may puwersa silang nakalaban patungong timog. Sa Badoc nila unang nakasalubong ang mga ito na madali naman nilang nagapi dahil sa pagtaas ng kanilang bilang, gawa ng kusang pagsama ng mga residente ng mga bayang nasakop nila. Higit na umigting ang pagpigel sa kanila pasulong sa timog; halimbawa, ang kura paroko ng Magsingal ay nagpadala ng mga espiya at bumuo ng paraan upang mabilis na ipahatid sa Vigan ang paggalaw ng mga rebelde.⁹

Gawa ng balitang matagumpay na nabawi ng mga rebelde ang mga hilagang bayan, inutos ng Gobernador ng Lalawigan na si Juan Ibañes at Alkalde Mayor Francisco Bringas sa mga prayle at lokal na opisyal ng mga katimugang bayan ang pag-organisa ng lokal na milisya; kabilang dito ang mga Ilocano ng Bantay, Santa, Narvacan, Sta. Maria, Santiago at Candon. Nagmartsa sila tungong hilaga upang salubungin ang mga rebelde, at noong ika-28 ng Setyembre, naganap ang labanan sa Ilog ng Bantaoay sa San Ildefonso na "naging kulay pula ang tubig."¹⁰ Walang pag-aalinlangang nagtagumpay ang puwersang kolonyal nang ito ay natapos. Ang mga rebeldeng naiwang buhay ay dinala sa Vigan, kung saan pinaslang ang mga pinuno sa harap ng publiko, at ikinulong at inalok ng paglipat sa Mindoro ang karamihan.¹¹

Dalawa pang paghihimagsik ang umapuyo sa mga hilagang bayan matapos ang Aklasang *Basi*. Ang Aklasang *Lung-ao* noong 1811 ay isang panrelihiyong rebelyon na pinamunuan ni Paras Lampitoc ng Laoag na kinatawan ang sarili bilang pangunahing tagasunod ni *Lung-ao*, o Tagapag-adya. Ipinanata niya ang pagluya mula sa buwis, monopolyo, at iba pang ipinataw na pagpapahirap ng mga Kastila.¹² Ang Paghihimagsik ng Sarrat naman noong 1816 ay rebelyong nag-ugat sa panlipunang pag-uuri, pinamunuan ni Andres Bugarin na isang pangkaraniwang mamamayan, laban sa mga lokal na pangkat elitista at opisyal.¹³ Ang dalawang nabanggit, kasama ang Paghihimagsik sa Monopolyo ng Tabako at Aklasang *Basi*, ang humimok sa pagpasyang hatiin ang rehiyon sa Ilocos Norte at Ilocos Sur noong 1818, upang mapangasiwaan ito nang mas mabuti ng pamahalaang kolonyal.

Ang labing-apat na kuwadro ng mga susing kaganapan ng Aklasang *Basi* ay ang pinakaunang gawang sining na nagpapakita ng isang pangkasaysayang pangyayari sa Pilipinas. Kinikilalang obra ng *mestizong* taga-Vigan na si Esteban Villanueva y Pichay (1797-1878) ang serye na ipininta labing-apat na taon makalipas ang kaganapan. Kasisimula pa lamang lumikha ng mga gawang pansining na hindi nauugnay sa relihiyon sa Pilipinas noong panahong ito, karaniwang mga paglalarawang tao, *tipos del país* at larawang botanikal, matapos makamit ang pagpayag ng Kastilang awtoridad noong 1734.¹⁴ Kabubukas lamang din ng unang opisyal na akademiyang pansining sa Pilipinas, ang Academia de Dibujo y Pintura, noong unang bahagi ng ika-19 siglo sa Maynila. Nagsilbi bilang kauna-unahang propesor dito ang kontemporaryo ni Villanueva na si Damian Domingo (1796-1834).¹⁵ Itinuturing si Villanueva na hindi sumailalim sa pormal na pag-aaral sa pagpinta bilang “isang nakapanghihimok na kasalungatan” kay Domingo at sa iba pa nilang kontemporaryo sa Maynila na sumailalim sa pag-aaral at pagsasanay sa mas nakatatandang henerasyon ng mga manlilikhang Filipino.¹⁶

Ganap na bukod-tangi ang mga kuwadro ng *Aklasang Basi* sa kasaysayang pansining ng Pilipinas, higit sa pagtatala nito ng pamumuhay noon.¹⁷ Isa pang mahalagang detalye ay ang litaw na pagsalarawan ng isang buntala na kinilala sa taguring “Great Comet of 1807.” Tinatawag na Bathala ng mga Tagalog at *bandus* ng mga Ilocano, ang mga buntala ay pinapalagay sa Ilocos at ng mga Tsino bilang tagapagbadya ng digmaan, taggutom, mga sakit, kamatayan, at iba pang natutulad na pangmalawakang kalagayan.¹⁸

Ang labing-apat na kuwadro ng *Aklasang Basi* ay idineklara ng Pambansang Museo ng Pilipinas na Pambansang Yamang Kultural noong 2009 bilang pagkilala sa kanilang bukod-tanging kahalagahan sa bansa, partikular sa sining at kasaysayan ng Pilipinas.

PAGSAKLAW NG KALINANGANG BASI: PAGKILALA SA ILOCOS AT MGA ILOCANO

Matatagpuan sa hilagang-kanluran ng Luzon sa Pilipinas ang rehiyon ng Ilocos (figure 1-1). Bago ang panahong kolonyal ng Kastila, binubuo ito ng mga patag na bahagi ng kasalukuyang Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union at Pangasinan, maging ng bahaging patag sa paanan ng Kordilyera na nakasaklang sa Abra at Pangasinan.¹⁹ Karamihan sa mga panirahan noong panahong iyon ay malapit sa maliliit na ilog na tinatawag nilang *looc* sa lokal na wika; sa gayon, *Ilocos* ang tawag sa mga residente na nangangahulugang “mga tao mula sa *looc*, o kapatagan sa baybayin o tabing-ilog.”²⁰ Maaaring hindi sinasadyang nagamit ito ng mga Kastila bilang pantukoy sa buong rehiyon. Sa pagdaan ng panahon, nagbago ang heograpikal at pulitikal na pagkakaayos nito tungo sa kasalukuyang mga lalawigan. Ilocano ang pagkilala sa mga naninirahan dito, at ito rin ang tawag sa kanilang wika.

Ang patuloy na paglabas ng mga Ilocano mula rito, pa-silangan tungo sa mga bulubundukin at sa rehiyon ng Cagayan at pa-timog sa Gitnang Luzon, ay nagdulot ng pagkalito sa katawagang Ilocano kung kaya hindi na lamang ito tumutukoy sa mga naninirahan sa rehiyon ng Ilocos. Sa halip, pinalawig ito sa mga taong gumagamit ng wika sa labas ng rehiyon. Sa gayon, ang salitang “Ilocano” ay nagpapakita ng pagiging masalimuot ng mga hangganang territorial at linggwistiko, maging sa pagbuo at pagpapanatili ng panlipunang pagkakilanlan bilang Ilocano sa konteksto ng paglikas mula sa bayang sinilangan. Bagaman mabibigyang-pansin ang mga kasalimuotang ito sa eksibisyon at papel na ito, pagtutuunan lamang sa mga ito ang kulturang Ilocano sa mga pangunahing lalawigan ng rehiyon.

Ang Ilocos, sa makitid nitong kapatagan na pinaliligiran ng bulubundukin ng Kordilyera sa silangan at ng Kanlurang Karagatan ng Pilipinas (figure 1-1), ay mayroong limitadong pinagkukunang yaman, partikular ang angkop na lupaing agrikultural na kinakailangan upang maitaguyod ang patuloy nitong lumalaking populasyon. Dagdag pa ang klima sa mga nagtatakda ng limitasyon para sa malawakang produksyong pang-agrikultura ng rehiyon. Gawa nitong mga manapa'y itinakdang marahas na kondisyong pangkapaligiran, binibigyang-halaga ng kulturang Ilocano ang kasipagan, kapamaraanan, katatagan, at katipiran sa pang-araw-araw na pamumuhay na nagbibigay-daan sa kanilang pag-angkop sa walang katiyakang pagkukunan ng pangunahing pangangailangan.

Pagsusuri ng kulturang Ilocano sa pagkonsumo ng *basi*

Sa maraming kultura, gumagawa ang mga tao ng mga burong inuming alkohol na kanilang kinasisiyahan; karaniwan itong kinukonsumo bilang bahagi ng mga gawaing panlipunan, at nagbibigay-daan sa pagbuo, pagpapatakbo, at pagpapatunay sa kinikilala nilang daigdig.²¹ Ang iba-ibang mga gawaing ito ay nagaganap sa iba-iba ring kasanayan ng pagkonsumo na nakapagpapabatid ng kabuuang kultura na sumasaklaw naman sa mga kontekstong panlipunan, pang-ekonomiya, pulitikal, pang-ritwal at ideolohikal.

Iba't iba ang papel na ginagampanan ng *basi* sa kulturang *Ilocano*. Tumutulong ito tungo sa pagkakagaanang-loob, at nagbibigay-daan sa pagbuo at pagpapatibay ng mga panlipunang ugnayan sa pamamagitan ng magkabahaginan na pagkonsumo. Isang mahalagang elemento sa pagpipiging, ang pag-inom ng *basi* ay karaniwang nakakabit sa pagdiriwang o pagtakda ng mga mahahalagang yugto ng buhay, gaya ng kapanganakan at pag-aasawa, at mga panahon ng pagkakasakit at kamatayan. Mahalaga rin ito sa mga ritwal, pinag-uugnay ang mga Ilocano sa mga yumaong ninuno, maging sa mga elementong supernatural na kanilang hinihigan ng tulong sa pagtupad ng mga hangaring kinabibilangan ng kalusugan, pang-araw-araw na pangangailangan, at iba pang bagay at alalahaning may kinalaman sa kanilang ikinabuhay at kapakanan. Halimbawa, ang isang batang sakitin ay paliliguan o muling bibinyagan gamit ang maligamgam na tubig na may *basi* at barya kasabay ng pagsusunog ng tungkos ng dayami; muling papangalanang bata, at iaalay ng ninang nito ang barya sa simbahan bilang pagganap ng ritwal.²²

Isa pa sa mga tradisyunal na ritwal ay ang *atang*, ang pag-aalay na ginagawa para sa mga yumaong ninuno tuwing pagpipiging at panahong agrikultural. Karaniwang binubuo ito ng kaunting *basi* at lokal na pagkaing mula sa picing na ibinukod para lamang sa mga espiritu. Naglalagay din ng *atang* na may *basi* sa mga lansangang madalas pangyarihan o kamakailan pinangyarihan ng aksidente, bilang pampalubag sa mga espiritung maaaring naging sanhi nito. Isa pang kontekstong ritwal sa *basi* ay ang pagwisik nito sa hinigaan at kagamitan ng pumanaw at paggamit nito bilang panghugas ng bisig at mukha ng mga taong sumama sa paglilibing, upang sawatain ang mga kamalasang kaakibat ng kamatayan.²³ Higit pa rito, tinuturing bilang *anib* o anting-anting ang *basi*, umano'y pinaalis sa pagwisik nito ang mga espiritung nagdudulot ng sakit.²⁴ Ang mga inuming alkohol gaya ng *basi* ay mayroong "mataas na halaga sa mga kontekstong ritwal" dahil sa kanilang katangiang psychotropic.²⁵ Nagdudulot ito ng pagbabago sa kamalayan, kaakibat ang pinasidhing emosyon, mga salik na mahalaga sa pakikipag-ugnayan at karanasang ispiritwal.²⁶

Maliban sa minsanang pagpipiging at pagriritwal, ang *basi* ay pang-araw-araw ding inumin na karaniwang naghuhudyat ng pagtatapos ng trabaho. Ang mga epektong psychoactive ng *basi* ay tumutulong sa pagbawas ng tensyon at pagod mula sa araw-araw na gawain, bagaman panandalian lamang. Sa mga nagdaang dekada, paunti nang paunti ang umiinom nito gawa ng pagdami ng iba't ibang uri ng inuming alkohol mula sa ibang mga rehiyon sa loob at labas ng Pilipinas. Gayunpaman, ang umuunlad na industriya ng heritage tourism sa Ilocos²⁷ ay nagbibigay-daan sa bagong anyo ng pagkonsumo ng *basi* bilang mga heritage souvenir na maaaring makatulong sa muling pagtaguyod ng kahalagahan nito sa kasalukuyang mga ritwal at pagpipiging ng mga Ilocano.

Unang nabigyan ng pambansang pagkilala ang *basi* noong dekada 1950 nang simulang gamitin ito ni Pangulong Ramon Magsaysay bilang opisyal na inumin sa pagtanggap sa mga banyagang dignitaryo.²⁸

Produksyon ng *basi*

Laganap sa Pilipinas ang mga inuming gawa mula sa katas ng tubo na sumailalim sa pagbuburo at hinaluan ng katas ng iba't ibang halaman. Sa hilagang Luzon, kilala ito bilang *basi* sa mga Ilocano, Itneg at Bontok; *basi* rin o *wayas/beyas* sa mga Kalinga; *tayug* sa mga Gaddang ng Isabela; *bassi* sa Cagayan; *kila* sa Pangasinan; at *palek* sa mga Ivatan ng Batanes. Naitala rin na mahilig ang mga Bugkalot (Ilongot) ng hilagang-silangang bulubundukin ng Luzon sa nakalalasing na inumin na gawa sa nilutong katas ng tubo, tinatawag na *eyab* ng mga Bugkalot sa Nueva Vizcaya.²⁹

Pangunahing sangkap sa paggawa ng *basi* at suka ang *unas* o tubo (*Saccharum officinarum*) at higit na gusto ng mga Ilocano ang dilaw na uri nito na tinatawag nilang *amarilyo* (figure 1-2). Inaan ni *unas* sa mga buwan ng Disyembre hanggang Mayo. Nagsisimula ang produksyon ng *basi* o suka ng Disyembre at nagtatapos sa Pebrero. Ang *unas* para sa produksyon ng pulot o *tagapulot* ay inaan ni tuwing buwan ng Marso, Abril at Mayo. Mas makatas ang inaning *unas* mula Disyembre hanggang Pebrero kung ihahambing sa inani mula Marso hanggang Mayo. Subalit mas mataas naman ang konsentrasyon ng asukal ng mga inani sa panahon ng tagtuyot (Marso hanggang Mayo) kaysa sa inani nang taglamig (Disyembre hanggang Pebrero). Hangga't maaari, pinalilipas ang labindalawang buwan bago anihin ang itinanim na tubo upang masiguro na dekalidad ang *basi*, suka at panutsa na mula rito.

Gamit ang *ulnas*, paragos na hila ng kalabaw o baka, dinadala ang inaning tubo sa *pagdapilan*, ang lugar kung saan naroroon ang *dadapilan* o kabyawan na gamit sa pagpiga ng katas. *Panagdapil* ang tawag sa proseso ng pagpiga ng katas mula sa tubo sa pamamagitan ng *dadapilan* (figure 1-3a at figure 1-3c). Ang mga tradisyunal na *dadapilan* (figure 1-3a; BG-07)³⁰ ay gawa sa buo, matigas at patayong kahoy na hugis cylindrical, samantalang gawa naman sa metal ang mga ginagamit ngayon. Binili ang karamihan sa mga ito (figure 1-3b at figure 1-3c) mula sa Hacienda Luisita sa Tarlac nang magpalit ito ng kagamitan noong dekada 1980; may ilan ding sinasabing galing pa sa mga plantasyon ng tubo sa Hawaii na dinala rito bago nagsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.³¹ Mas mahusay ang mga ito kaysa gawa sa kahoy; napiwika lahat ng katas sa minsang pagsubo ng tubo, samantalang tatlong beses sinusubo ang tubo sa kahoy na pigaan upang makuhang parehong dami ng katas. Gayundin, sampung salyasing katas ang nakukuha sa metal na pigaan kung ihahambing sa tatlong salyasing katas gamit ang kahoy na *dadapilan*.

Karaniwang pagmamay-ari ng isang pamilya ang *dadapilan*, bagaman komunal o panlahatan ang paggamit nito. Pinaiikot ito ng kalabaw o baka, o kuliglig na ginagamitan ng krudo. Ang pagpipiga na hila ng kalabaw o baka ay karaniwang ginagawa mula madaling araw hanggang alas-otso ng umaga upang iwasan ang karaniwang init ng araw na nakapagpapahina sa mga hayop. Mula alas-nuwebe ng umaga hanggang alas-tres ng hapon naman ginagamit ang kuliglig. Mas mabagal ang proseso gamit ang mga hayop, ngunit mas tinatangkilik ito dahil karagdagang gastusin ang krudong kinakailangan sa paggamit ng kuliglig.

Ang *bennal*, o katas ng tubo, ay pinakukuluan sa malaking kawa na tinatawag na *sinublan*. Maaari itong maglaman ng 25 hanggang 75 galong *bennal*, nakapatong sa dapog na hinukay malapit sa *dadapilan* (figure 1-4). Pinapalamig ang napakuluang katas bago ito ilipat sa bangang stoneware na tinatawag na *burnay*, kung saan hinahaluan ito ng mga sangkap para sa pagburo. Sa Ilocos Sur, kabilang sa mga ito ang pinatuyo at dinurog na dahon, bulaklak, prutas at balakbak ng *samak* (*Macaranga tanarius*); pinatuyo at dinurog na balakbak ng *kariskis* (ipil-ipil, *Leucaena leucocephala*); balakbak ng *lumboy* (duhat o java plum, *Syzygium cumini*); balakbak at dahon ng *bayyabas* (bayabas o guava, *Psidium guajava* L.); sanga at dahon ng *kardis* (pigeon pea, *Cajanus cajan*); *pan-aw* (kogon, *Imperata cylindrica*); at *bubod* (lokal na pampaalsal o yeast).³² Inihahalo ang ilan sa mga ito habang pinapakuluan ang *bennal*, samantalang

ang *samak* at *kariskis* ay kadalasang inahahalo sa napakuluang katas pagkalipat o ilang araw matapos ilipat ito sa *burnay*. Ang dami ng inahahalang sangkap ay batay sa tatlong salik—kalidad ng mismong mga sangkap, tamis ng *bennal*, at ang ninanais na tapang ng *basi*.³³

Mayroong pagkakaiba sa prosesong ito, maging sa mga sangkap na gamit, sa ibang bahagi ng rehiyon ng Ilocos na gumagawa ng *basi*. Noong dekada 1970, tinustusan ng Japan International Cooperation Agency (JICA) ang pag-aaral sa mga katangian ng iba’t ibang uri ng *basi* mula sa kabuuan ng rehiyon na isinagawa ng Institute (dating Department) of Food Science and Technology, Kolehiyo ng Agrikultura ng Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños (UPLB), at Southeast Asian Regional Center of Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA).³⁴ Nagdadagdag ng mga butil ng bigas, pinatuyong balakbak, bunga at dahon ng *samak* sa pinakuluang katas ng tubo ang mga tagapaggawa ng *basi* sa San Mateo sa Lungsod ng Laoag, Ilocos Norte.³⁵ Balakbak at dahon ng *samak* naman ang idinadagdag sa kumukulong katas sa Piddig, Ilocos Norte; inihahalo ang bunga at dahon ng *samak*, butil ng bigas at *kardis* paglamig nito.³⁶ Pinatuyong balakbak at bunga ng *samak* lamang ang inihahalo sa pinakuluang katas ng tubo ng mga tagapaggawa ng *basi* sa Pangasinan.³⁷ Hindi gumagamit ng *samak* ang mga tagapaggawa ng *basi* sa La Union, partikular sa Naguilian, sa halip, *bubod* o *binubudan* na gawa sa binurong giniling na bigas at luya na inihahalo sa kanin, mga balakbak ng *tangal* (yellow mangrove, *Ceriops tagal*) at *lumboy*, at dahon ng *bayyabas* ang inihahalo nila.³⁸

Bilang pagkilala sa papel ng tubo at *burnay* sa Aklasang *Basi* ng 1807, kabilang sa opisyal na selyo ng Piddig, Ilocos Norte ang bungkos ng tubo at *burnay*.³⁹ Ang iba pang lugar sa rehiyon na gumagawa ng *basi* sa kasalukuyan ay Sarrat, Piddig, Paoay at Lungsod ng Laoag sa Ilocos Norte; Sinait, Magsingal, Sto. Domingo, San Ildefonso, Sta. Maria, Tagudin at Alilem sa Ilocos Sur; at Naguilian sa La Union.

PAGHUhUBOG SA KULTURANG ILOCANO: KALAKALANG BASI AT PANLIPUNANG UGNAYAN

Iminumungkahi ng mga talang etnohistorikal na pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas, itinataguyod na ng Ilocos ang hindi mabilang na mga komunidad na malawakang nakikipagkalakalan sa loob at labas ng rehiyon, na mas lalo pang pinabilis ng mataas na antas ng kadalubhasaan pang-ekonomiya.⁴⁰ Ang pagiging sentro ng rehiyon sa kalakalan ay nakakabit sa pagkakaiba-ibang ekolohikal at heograpikal na paghahati-hati na karaniwan sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya, nag-uugnay sa mga pangkat etniko at linggwistiko na naninirahan sa mga lugar na ito.⁴¹

